

Nectar in a Sieve at The Kitchen God's Wife: Isang Panlipunang Pagtingin

NERISSA L. HUFANA, Ph.D.

Abstrak

*Ang papel na ito ay tumatalakay sa hambingang pagsusuri ng mga nobelang *Nectar in a Sieve* ni Kamala Markandaya at *The Kitchen God's Wife* ni Amy Tan gamit ang sosyolohikal na pagdulog. Sa pagsusuri inilahad ang iba't ibang elemento ng buhay na nagtulak sa mga tauhan na harapin ang iba't ibang uri ng paghamon at kung paanong ang mga ito ay kinabaka.*

Introduksyon

Ang buhay ng tao ay isang palaisipan na mahirap unawain ang simula at katapusan. May mga pangyayari sa buhay ng isang tao na hindi inaasahan at mayroon namang inaasahan na hindi dumarating. Kung ang mga pagbabago sa kanyang buhay ay kagustuhan niya, masasabing marunong siyang magmaneho sa takbo ng mga pangyayari na pabor sa kanya. Maaaring ito ang tinatawag na suwerte ayon sa iba. Kung ang buhay ay puno ng kabiguan, karaniwang sinasabi na iyon ay guhit ng palad o hatol ng tadhana.



Tserman ng Departamento ng Filipino at Ibang, mga Wika si DR. NERISSA L. HUFANA sa CASS, MSU-IIT. Nagtapos siya ng M.A. Ed (Filipino) sa West Visayas State University, Iloilo City, at may Ph.D. sa Language Studies sa MSU-Marawi City bilang iskolar ng CHED-MAEP.

Bakit naging mabuti ang isang tao? Bakit siya naging masama? Bakit gayon ang sinapit niya sa buhay? Bakit lahat na lang ng kamalasan sa mundo ay ibinigay sa kanya ng Diyos? Kagustuhan ba niya ang nangyari sa kanya? Sino o ano ang nagtulak sa kanya para siya magkagayon? Kasalanan'ba niya kung bigo siya sa halos lahat ng anggulo ng bahay? May kinalaman ba ang lipunan sa iba't ibang karanasang dumarating sa buhay ng bawat nilalang? Ilan lamang iyan sa mga katanungang maaaring nagsasalimbayan sa utak ng mga taong nakararanas ng samu't saring pangyayari sa kanilang buhay, mga pangyayaring maaaring magpatatag sa isang nilalang na hindi nawawalan ng pag-asa at patuloy na hinaharap ang bukas. Patuloy silang nakikibaka at makikibaka sa malupit na digmaan ng buhay gaano man kasakit at kabigat ang mga pangyayari.

Ito ang pinapaksa ng dalawang nobelang sinuri sa papel na ito. Ang isang nobela ay ang *Nectar in a Sieve* ni Kamala Markandaya at ang isa naman ay ang *The Kitchen God's Wife* ni Amy Tan.

Ang Pagdulog

Ang lipunan ay binubuo ng tao, ng mga pangyayari, ng kalikasan at iba pa. Kaya may kaugnayan ang kapaligiran sa tao dahil ang kapaligiran ang humuhubog sa tao kaya nga sinasabing malaki ang epekto nito sa kanya. Kaya't di kataka-taka kung bakit may mayayaman, may mahihirap, may masasama at mabubuti at may mga nagtatagumpay at may mga nabibigo. Ang bawat institusyong panlipunan ay nagtutulong-tulong sa paghubog sa bawat indibidwal.

Ayon kay Fortunato (1989), ang panitikan ay hindi basta lang likha ng isang tao, kundi ng isang manunulat na saksi ng isang tiyak na panahon at lugar, at siya'y aktibong nakikibahagi sa isang komunidad na maaari niyang impluwensiyahan o siya ang maimpluwensiyahan. Sa sosyolohikal na pagdulog ay pinaniniwalaan na ang isang obra maestra ay hindi nilikha dahil sa kawalan kundi ito'y likha ng isang awtor na may kabatiran sa komunidad o lipunan na kanyang kinabibilangan.

Sa pagdulog sosyolohikal, ang pinag-uukulan ng pansin ay ang pagkilos ng tao sa kaugnayan niya sa kapuwa tao at sa lipunang kanyang ginagalawan. Ang tinitingnan dito ay ang mga lakas na nagpapagalaw sa tauhan sa nobela, gaya ng kalagayan niya sa buhay, ang mga simulaing nabuo niya dahil sa mga nagiging karanasan niya sa pakikihalubilo sa mga tao sa kanyang paligid. Mahalaga rito ang kapaligiran ng tauhan, ang kanyang pinag-aralan at ang mga institusyon o katatagang nagtatakda kung paano siya kumikilos (Alcantara, 1989).

Sinabi ni Reyes (1992) na sa pananaw na sosyolohikal, sinisikap na unawain ang ugnayan ng indibidwal at ng mga institusyong bumubuo sa lipunan. Hindi maaaring ihiwalay ang tao sa mga institusyong bahagi ng sistema: ang tao ay isang animal na

may dimensyong panlipunan. Mula sa kanyang pagsilang hanggang sa kamatayan, bahagi siya ng mga institusyong gawa rin naman ng mga tao--ang pamilya, batas, simbahan, edukasyon, militar, politika, kultura, at iba pa.

Ayon naman kay Santiago (1989), sa panunuring ito, ang binibigyang diin ay ang interaksyon ng mga tauhan, lalo na ng pangunahing tauhan sa kapuwa at sa lipunan, ang sanhi ng ganitong pangyayari sa buhay, ang kanilang pakikibaka sa lipunan, maging sa kanilang kabiguan o tagumpay.

Ayon naman kina Ramos at Mendiola (1994), may kaugnayan ang isang likhang sining at ang lipunan, kung kayat masasabing ang pagdulog na ito ay magpapalalim sa pag-unawa sa anumang akdang nakaugat sa lipunan.

Ang Paglalahad at Pagsusuri

Tungkol sa Awtor at Nobela

Ang nobelang **Nectar in a Sieve** ay sinulat ng isang Hindu na si Kamala Markandaya. Kilala siya bilang sensitibong manunulat na ang karaniwang paksa ng mga akda ay sosyokultural at pulitikal ng kanyang bansa. Naging kilala siyang nobelista pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig. Napakalawak ng kayang pananaw na sumasakop pa sa malayo at di nakikitang bukas ng kanyang bansa. Dahil dito, tinawag siyang bisyunaryo ni Norman Sharpnel ng magasing **The Guardian**.

Ang nobelang ito ni Markandaya ay sinulat sa makabagong kayarian ng pagsulat ng isang nobela. Masusumpungan ang pagkakagamit niya ng patumbalik o **flashback technique**. Nagsimula ang nobela sa kung saan magkasama ang pangunahing tauhang si Rukmani at ang inampon niyang batang si Puli na bumalik sa kaniyang liblib na nayon sa Indiya. Sa pagbabalik ni Rukmani kasama si Puli, dito bumalik na muli sa kanyang alaala ang nakaraan — mula pagkabata hanggang makapag-asawa siya, ang mga pagsubok sa buhay may-asawa lakip ang kahirapan, at ang pagtungo nila sa malayong siyudad na kung saan nila nakilala si Puli na siyang nagturo sa kanila ng buhay sa siyudad. Ang alaalang ito ang nilalaman ng nobela. Nagwakas ang nobela kung saan din ito nagsimula. Ang pangunahing tauhan, si Rukmani, ang nagsasalaysay sa nobela.

Maliban sa kanyang **Nectar in a Sieve** naging kilala rin ang kanyang nobelang **Shalimar**.

Ang nobelang **The Kitchen God's Wife** ay sinulat naman ni Amy Tan. Siya'y isinilang sa Oakland, California. Nag-aral siya sa San Jose State University kung saan natanggap niya ang kanyang master's degree sa linguistics. Siya at ang kanyang asawang si Lou DeMattei ay nakatira sa San Francisco, kung saan nagsulat siya ng mga nobela.

Ito ang mga sinabi ng ilang awtoridad tungkol sa nobelang *The Kitchen God's Wife*:

In *The Kitchen God's Wife*, Amy Tan has honed her talk-story talent to create a larger, richer and more integrated world. ... its glowing moments light up the page. - The Washington Post Book World

She is a wonderful writer with a rare power to touch the heart. *The Kitchen God's Wife* is an absorbing narrative of Winnie Louie's life, which she tells— or offers— as a gift to her daughter Pearl. Much happens in the telling: long-held secrets are revealed, and a family's myths are transferred ceremoniously to the next generation... Tan returns to the richly textured world she began to explore in the earlier book, brilliant tapestry of characters and conflicts here and overseas... Tan is one of the prime storytellers writing fiction today. - Newsweek.

A harrowing, compelling and at times bitterly humorous tale in which an entire world unfolds in a Tolstoyan tide of event and detail... Give yourself over to the world Ms. Tan creates for you. - The New York Times Book Review

A big rich book that tackles family relations, the unreliability of memory, the nature of secrets. Chinese history, customs and society, and the difficulties of assimilating into a new culture... it's the work of a born-teller of tales. - San Francisco Examiner

It is a story of sweeping scope... told with the kind of convincing detail that gives fiction the ring of truth... Tan's greatest accomplishment here is the character of Winnie herself, who is both innocent and sly, generous and selfish, appealing and annoying – a woman not unlike Emma Bovary... Winnie makes *The Kitchen God's Wife* the kind of novel that can be read and reread with enormous pleasure. - Chicago Tribune

The novel *The Kitchen God's Wife* was chosen by the New York Times as a "Notable Book of the Year."

Sa nobelang *The Kitchen God's Wife* naman ni Amy Tan ay gumamit din siya ng makabagong kayarian sa pagsulat ng nobela. Ginamitan din ito ng **flashback technique**. Nagsimula ang nobela sa kasalukuyang panahon na kung saan nag-uusap ang mag-inang Winnie at Pearl. Ipinakita ni Tan ang kasalukuyang relasyon na namamagitan kay Winnie at ng kanyang anak. May lamat sa pagsasama ng mag-ina na dahilan para maging matamlay ang pakikitungo ng bawat isa. Dito namagitan ang isa pang mahalagang tauhan sa katauhan ni Helen. Pinayuhan niya si Winnie na panahon na para malaman ni Pearl ang kanyang nakaraan. Ang kasaysayan ng buhay ni Winnie na isinalaysay niya sa kanyang anak na si Pearl ang pinakalaman ng nobela. Nagtapos ang nobela sa bahaging natapos din ang pagsasalaysay ni Winnie. Nagdagdag ang awtor ng nakawiwiling epilogo sa pagwawakas. Dito ipinakikita ang malinaw na alaala ng awtor sa matiyagang pagmamasid at pagsasalaysay niya ng paniniwala at kulturang Intsik. Isa-isa niyang hinimay ang mga pangyayari sa buhay ng bawat tauhan.

Ang Buod ng mga Nobela

Nectar in a Sieve *ni Kamala Markandaya*

Nagsimula ang nobela sa pagbabalik-tanaw ni Rukmani sa kanyang nakaraan. Pagkatapos ng mahigit isang taon, nagbalik siya kasama si Puli mula sa napakagulong buhay sa siyudad na wala na ang kanyang asawang si Nathan. Sa kanyang pinanggalingang nayon, samantalang hinahagod niya ng tingin ang kanyang alagang batang may sakit na ketong, naalala ni Rukmani ang nakaraan.

Siya'y isang Hindu na nakatira sa isang liblib at maralitang nayon sa India. Siya'y nagpakasal sa napakabatang edad na labindalawang taon lamang. Sa edad na ito, natuto siyang mabuhay sa napakagulong mundo. Makalipas ang ilang panahon, sa pamamagitan ng pawis at pagpapakahirap pinalaki niya ang kanyang limang anak. Ang pagpapakasal niya kay Nathan, isa ring maralitang magsasaka na galing din sa isang liblib na nayon ay nagbigay sa kanya ng pag-asa na baka sakaling magkaroon siya ng isang engrandeng kasal kaysa sa kanyang mga panganay na kapatid na babae. Ngunit ang pag-asang ito ay hindi nangyari. Ang kanyang mga magulang ay gumastos na ng malaking halaga para pambayad sa bigay-kaya (dowry) ng kanyang mga kapatid na babae nang ang mga ito ay nagsipag-asawa. Ngayon, na siya na ang ikakasal ay hirap na hirap ang kanyang mga magulang para sa

kanyang bigay-kaya. Gayunpaman, naging kontento na rin si Rukmani sa dahilang ang kanyang naging asawa ay masipag, mapagmahal at higit sa lahat ay responsableng asawa sa kanya at responsableng ama sa kanyang mga anak kahit na sila'y naghihikahos sa buhay.

Ang pagsilang ng kanilang unang anak na isang babae ay medyo naging dahilan para magkaroon ng kaunting problema ang kanilang pagsasamang mag-asawa. Alam nilang mag-asawa na kapag nag-asawa ang kanilang anak ay magbabayad sila ng bigay-kaya at alam din ni Rukmani ang masidhing pangarap ni Nathan na magkaroon ng anak na lalaki. Ang pagdating sa kanilang nayon ni Kenny, isang boluntaryong doktor na British ay nagbigay ng pag-asa kay Rukmani para malutas ang kanyang problema sa pagkakaroon ng anak na lalaki. Sa tulong ni Kenny, nagkaroon siya ng anak na lalaki. Laking tuwa ni Nathan. Ito rin ang dahilan para maging malapit siya kay Kenny na para sa kanya ay isang kaibigan na napagkautangan ng magandang loob. Ngunit, ito'y binigyan ng masamang kahulugan ni Kunthi, isang kapitbahay na may ugaling hindi rin maganda at kaduda-duda. Siya'y napakaganda at sa kanyang kilos na malandi ay maraming lalaki ang nabighani. Kahit na may asawa na, marami ang naharuyo sa ganda ni Kunthi, ang gandang natakpan ng maraming koloreteng inilagay niya sa kanyang mukha at katawan.

Ang konstruksiyon ng maliit na **tannery** sa kanilang nayon ay nagresulta ng maraming reaksiyon sa mga taganayon. Para sa iba, ang pagpapatayo nito ay nakabubuti dahil sa ito'y bagong pagkakakitaan sa halip na magtanim ng palay na pagkatapos ang kikitain naman ay tama lang na ipambayad sa may-ari ng lupa. Nagbigay rin ito ng daan para makapagtinda ang mga taganayon ng kanilang mga produkto sa mataas na presyo. Ngunit ang magandang naidulot nito ay may kapalit. Ang mga lupang binuhusan na ng dugo at pawis ng mga magsasaka ay unti-unting binibili ng mga may-ari ng **tannery**. Ang mga **tanners** naman ay hindi makapagreklamo dahil sila'y mga tenants lamang na walang magagawa sa gusto ng may-ari ng lupa. Kaya, ang iba sa kanila ay lumipat ng ibang matitirahan at ang iba naman ay sapilitang pinaalis.

Ang prostitusyon, sugal at mga bars ay nagsulputan na parang kabute dahil sa pangangailangan ng mga **tanners** para maaliw ang mga sarili pagkatapos ng maghapon pagtatrabaho. Ang pinakamasama ay tumaas ang presyo ng mga bilihin dahil sa mahigpit o mataas na pangangailangan. Ang mga anak ni Rukmani ay nagtrabaho na rin sa **tannery** dahil sa pangangailangan din nilang mag-anak. Dahil sa kaunting edukasyon na nalaman nila mula sa kanilang ina, sila'y napasali sa isang kilusan para makatulong sa dagdag na suweldo nilang mga **tanners**. Ito'y hindi naging maganda para sa may-ari ng **tannery** na nang-abuso sa kamangmangan ng mga **tanners** sa pamamagitan ng pagpapatrabaho sa kanila na parang mga alipin.

Isang **strike** ang pinamunuan ng mga anak na lalaki ni Rukmani at sila'y humiling ng mataas na suweldo at iba pang mga benepisyo pati na ang paghiling na

ipasara na ang **fannery**. Ito ang dahilan ng pagpapaalis sa kanila sa trabaho. Dahil sa nawalan ang mga anak ni Rukmani ng trabaho at pagkukunan ng kita, ang dalawang anak niya ay umalis sa kanilang nayon para maghanap ng trabaho sa ibang lugar. Ang pangyayaring ito ay labag sa kagustuhan ni Rukmani ngunit wala siyang magawa dahil sa totoong sila'y hirap na hirap na sa buhay. Nadagdagan pa ang kanyang problema nang mag-asawa ang kanilang panganay na si Irawaddy. Ang lahat ng kanyang naipon ay kailangang gamitin para sa **dowry** na ibibigay sa mapapangasawa ng kanilang anak.

Ang paghihirap at problema ni Rukmani ay hindi pa natapos sa bahaging ito. Isang malakas na ulan at baha ang sumira sa kanilang mga pananim tulad ng palay na itinanim ni Nathan at ang mga gulay na itinanim naman ni Rukmani. Ang kalamidad na ito ang naging dahilan para mawalan sila ng pang-araw-araw na kakainin. Makikita sa kanilang patpating katawan at hapis na mukha ang matagal nang gutom dahil sa tunay ngang walang makain. Higit sa anupamang problema ay ang pagbabalik ni Irawaddy sa kanila dahil sa iniwan siya ng kanyang asawa pagkatapos ng limang taon na hindi niya ito nabigyan ng anak. Isa sa mga anak niyang lalaki ay nagpasyang iwanan ang kanilang tahanan para magtrabaho sa ibang tahanan. Ang lahat ng sakit ay tiniis ni Rukmani dahil sa pag-asang malapit na ang taniman at ito'y bagong pag-asa para sa kanilang mag-anak.

Marahil itinadhana ng pagkakataon, isang mahabang tag-init ang sumira na naman sa kanilang kabagu-bago lang na itinanim. Nagdulot ito ng matinding hinagpis kina Rukmani at Nathan dahil sa walang natira sa kanila para makain. Sa muli, napilitan si Rukmani na ibenta ang ilan sa mga natirang gamit niya tulad ng **sari** at iba pang damit para lang may pambili ng bigas. Ang bigas ay kailangang lutuin ng dalawang beses. Ang sabaw nito ang unang iinumina nila at ang kanin ay para naman sa susunod na pagkain. Ang taggutom na dala ng tag-init sa kanilang nayon ay naging-dahilan para ang lahat ay magtipid sa kahit anong pagkain mayroon sila hanggang sa matapos ang kalamidad na ito. Ngunit si Kunthi ay naging malaking problema sa buhay ng mag-asawang Rukmani at Nathan. Sa simula, tinakot niya si Rukmani na kung hindi siya bibigyan ng bigas ay isusumbong niya kay Nathan na may relasyon siya sa doktor na si Kenny. Galit na galit si Rukmani ngunit wala siyang nagawa. Alam niyang walang katotohanan ang bintang sa kanya ngunit alam din niya ang ugali ni Kunthi. Sa kinalaunan, unti-unting nawawala ang bigas ni Rukmani nang hindi niya nalalaman. Ito ang dahilan para magsumbong na siya kay Nathan. Anong laking gulat ni Rukmani nang hindi man lang nagalit si Nathan lalo nang sabihin nito sa kanya na lahat ng mga anak ni Kunthi ay siya ang ama kaya kailangang pakainin din niya. Nag-uumiyak si Nathan sa pagpapaliwanag na bago pa man si Rukmani ay may relasyon na sila ni Kunthi at siya'y natukso lamang sa gandang taglay nito. Walang nagawa si Rukmani kundi unawain si Nathan dahil naging resposableng ama at asawa naman ito.

Isang trahedyang naman ang dumating sa kanilang pamilya. Isa sa mga anak ni Rukmani ay napagbintangang nagnakaw sa **tannery**. Siya'y nahuli at sa hindi maipaliwanag na dahilan siya'y pinatay at tinakot pa sina Rukmani at Nathan na huwag humingi ng bayad-pinsala sa **tannery** dahil sa may kasalanan ang kanilang anak. Ang isang anak pa nila, ang pinakabunso, na napamahal masyado kay Irawaddy dahil sa siya ang tagapag-alaga nito ay nagkasakit. Dagdag pa rito, wala itong makain na kahit anuman lang na naging dahilan ng walang tigil na pag-iyak ng bata. Awang-awa si Irawaddy sa kanyang kapatid kaya napilitan itong pumasok sa prostitusyon. Ang kanyang kita ay nakatulong kahit bahagya sa pamilya niyang buto't balat na lang dahil sa gutom. Nakatulong din ito para makakain ang mahal niyang bunsong kapatid. Ngunit, hindi nagtagal, bago ang anihan, namatay rin ang bata. Isa pang dagok sa buhay ni Rukmani ay nang mabuntis si Irawaddy na hindi malaman kung sino ang tunay na ama. Ang sumunod ay lalong ikinadurog ng puso ni Rukmani nang ang isinilang na sanggol ni Irawaddy ay may diperensiya, Maputing-maputi ito na parang araw at ang kaunting pagbabad niya sa sinag nito ay makasusunog na sa kanyang balat at makabubulag sa kanya. Ang pinakamasakit pa, ang may-ari ng lupa na kanilang pinagsasakahan at tinitirhan ay nagpasabing magbalut-balot na sila dahil sa ang lupa ay ipinagbibili na sa may-ari ng **tannery**. Naisip nina Rukmani at Nathan na lisanin ang kanilang nayon at tumungo sa siyudad kung saan nagtatrabaho ang isa pa nilang anak na lalaki. Nagpaiwan si Irawaddy at ang kanyang anak na noon ay maliit pa. Nagpaiwan din ang isa pang anak ni Rukmani na sinasanay ni Kenny sa trabaho sa ospital. Nangako naman ang anak niya na hindi niya pababayaan sina Irawaddy at ang anak nito.

Ang pagtungo nina Rukmani at Nathan sa siyudad ay nagbigay sa kanila ng dagdag pang sama ng loob. Una, nawala ang lahat ng mga gamit nila nang sila'y pumila sa templo para kumain. Tumira na rin sila sa nasabing templo dahil sa hindi nila natagpuan ang kanilang anak. May dalawang taon na palang wala ito sa pinatratrabahuan. Iniwan niya ang kanyang asawa at dalawang anak na hindi naman matulungan nina Rukmani dahil sa sila rin ay walang-wala sa mga oras na iyon. Dahil dito napilitan sina Rukmani at Nathan na magtrabaho bilang tagabiyak ng bato para lang makabalik sa kanilang nayon. Tinulungan sila ng batang ketongin sa trabahong ito. Ang kasabikan nilang makauwi na sa kanila ang siyang dahilan para magtrabaho sila araw at gabi kahit na umuulan. Naging masyadong mabigat ito kay Nathan na noon ay matanda na kaya naging dahilan para siya manghina at mamatay sa templo na kanilang tinitirhan. Napilitan si Rukmani na bumalik na sa kanila na wala na si Nathan. Ngunit kasama niya ang batang ketongin na inampon niya at itinuring na rin niyang anak. Sabik na sabik silang tinanggap ni Irawaddy at ng kanyang anak na lalaki. Sa bahaging ito nagsimula at nagtapos ang buong nobela.

The Kitchen God's Wife
ni Amy Tan

Ang nobela ay nagsimula sa pag-uusap nina Pearl at ng kanyang inang si Winnie sa telepono. Si Pearl kasama ang kanyang asawang si Phil at dalawang anak na sina Tessa at Cleo ay iniimbitang dumalo ng kanyang Auntie Helen sa “engagement party” ni Bao-bao at sa libing ng kanyang Auntie Du.

Ang buhay nilang mag-ina ay puno ng hindi pagkakaunawaan ngunit sinisikap ng bawat isa na pagtakpan ito sa harap ng mga taong nakakakilala sa kanila. May mga pagkakataong ayaw ni Pearl na makasama ang kanyang ina dahil sa mga ugaling hindi niya matanggap. Si Phil, na kanyang asawang Amerikano, ay isa rin sa umiiwas sa kanyang ina ngunit pinagsikapan nilang mag-asawang unawain si Winnie dahil sa ito’y matanda na. Dahil sa pangungulit na payo ni Helen kay Winnie, napag-isip-isip ni Winnie na kailangan na ngang ipagtapat kay Pearl ang tungkol sa kanyang nakaraan. Hindi habampanahon niyang maitatago ang madilim na nakaraan. Dito pumaimbulog ang kabuuan ng nobela nang ikuwento ni Winnie kay Pearl ang tungkol sa kanyang buhay.

Nagsimula ang mga pangyayari sa kuwento ng buhay ni Winnie sa Tsina noong siya’y bata pa. Maikling panahon ang pagsasama nila ng kanyang ina. Naalala niya ang pag-aaway ng kanya ug ama at ina at kung paano umiyak ang kanyang ina sa pagsasagutang iyon ng mga magulang. Naalala rin niya ang pagdadala sa kanya ng kanyang ina para ipasyal siya sa pamilihan at tuloy sa panood ng sine. Sa loob ng sinehang iyon, napansin niya ang kanyang ina na may kausap na ibang lalaki. Sa napakabatang edad na anim na taon, alam niyang hindi magandang tingnan ang pakikipag-usap ng kanyang ina sa ibang lalaki sa loob ng sinehan. At isang araw, biglang nawala ang kanyang ina. May naririnig siyang hindi maganda sa pagkawalang iyon ng kanyang ina ngunit siya’y hindi nagtanong. Ang mga katulong sa bahay ay wala ring sinasabi sa kanya. Ito ang dahilan ng maagang pagkaulila niya sa ina. Naging mapaghanap siya sa ina at lalong mapaghanap siya sa pagmamahal nito.

Naging lalong malungkot ang kanyang buhay nang ipadala siya ng kanyang ama sa Tsungming para doon na manirahan sa tahanan ng kanyang tiyuhin na kapatid na lalaki ng kanyang ama na may dalawang asawa. Naranasan ni Winnie ang buhay na walang ama at ina na nagmamahal. Totoong hindi siya inaapi ng kanyang tiyo at mga tiya at ng pinsan niyang si Peanut ngunit nakikita niya ang ibang pakikitungo nila sa kanya. Minsang nakita niya na may pasalubong ang tiyo niya kay Peanut ngunit sa halip na bigyan siya ay binati lamang siya nito ng paghawak sa ulo. Minsan naman kung may bibilhin na damit o mga gamit si Peanut, makabibili lamang siya kung may matitirang pera ang pinsan. Siya rin ang tagabantay ng dalawa pa niyang maliliit na pinsan na kapatid ni Peanut. Kapag siya’y nagkamali, pariringgan siya ng maanghang na mga salita na tulad ng sinasabi nila tungkol sa kanyang ina. Bilang

pinakamatanda sa lahat, siya rin ang tagabantay ni Peanut sa pagdadalaga nito. Kung tutuusin mas maraming nalalaman si Peanut kay Winnie kung pagnonobyong lang rin ang pag-uusapan. Naging tulay siya sa pagmamahalan nina Peanut at Wen Fu. Isang makisig na lalaki si Wen Fu at para kay Winnie masuwerte si Peanut sa kanya.

Nang sapitin niya ang edad na labingwalong taon, siya'y ipinagkasundong ipakasal. Namangha siya. Naghalo ang lungkot at tuwa nang malaman niyang ang lalaking ipapakasal sa kanya ay walang iba kundi si Wen Fu. Sa kabila ng galit at pagpaparinig ng mga salitang hindi maganda mula kay Peanut, binalewala niya ito dahil ang akala niya si Wen Fu ang pag-asa niya para sa bago at magandang buhay. Hindi niya rin kagustuhan ang nangyari sa dahilang nasa kanilang paniniwala na dapat maunang mag-asawa ang pinakamatandang anak sa pamilya. Nagkataong si Winnie ang pinakamatanda. Bago ang kasal, dinala ng mga tiya si Winnie sa kanila para malaman ng kanyang ama ang tungkol sa kasunduang kasal ng kanyang anak. Higit sa lahat dapat maihanda ng kanyang ama ang kailangang bigay-kaya (dowry) para sa lalaki. Tuwang-tuwa si Winnie nang tanggapin siya nang buong pagmamahal ng kanyang ama. Ibinigay ang halagang kailangan para sa dowry at nagdeposito pa ng pera sa bangko para kay Winnie bilang regalo niya sa kanyang kasal. Pinaiwan si Winnie sa kanilang tahanan sa loob ng isang linggo para makabili ng lahat ng mga kailangan niyang gamit para sa kanyang pag-aasawa. Ang pangalawang asawa ng kanyang ama ang sumama sa kanya para mamili. Dahil mayaman ang pamilya nila, pumunta sila sa pinakakilalang pamilihan sa Tsina. Bibilhin din nila ang pinakamahal na gamit tulad ng aparador, mesa, mga upuan, chop sticks at mga kubyertos na gawa sa pilak at marami pang iba. Lahat ng itinuro ni Winnie ay binili lahat. Hindi makapaniwala si Winnie sa biyayang natanggap niya na mula sa kanyang ama. Ang buhay na hindi niya naranasan sa loob ng labingwalong taon sa piling ng kanyang tiyo at mga tiyahin ay nakamtan niya lahat sa panahong hindi niya inaakala.

Ang maligaya at magandang buhay na inaasahan ni Winnie ay hindi niya nakamtan sa piling ni Wen Fu. Ang inaakala niyang maginoo at mapagmahal ay isa palang demonyo. Kailangang sumama siya kay Wen Fu sa iba't ibang lugar sa Tsina noong panahon ng digmaan laban sa mga Hapones. Naging piloto si Wen Fu dahil ang ginamit niyang pangalan ay ang pangalan ng kanyang kapatid na nakapasa sa Air Force na patay na. Ito ang kasagutan sa kataunungan ni Winnie kung bakit nang mapunta sila sa mga lugar sa Tsina na sinasakop ng mga Japanese ay iba ang pangalang tawag sa kanya ng mga kasamahan. Sa simula ay may marami siyang dahilan ngunit nang magtagal na, nalaman din ni Winnie ang buong katotohanan. Dito rin sa digmaang ito nakilala ni Winnie ang tunay na pagkatao ni Wen Fu. Isang higit pa sa hayop at demonyo si Wen Fu. Naging masunurin at matiisin na asawa naman si Winnie. Tiniis niya ang sekswal na pang-aabuso sa kanya ni Wen Fu. May mga gabing tumatangi siya ngunit siya'y hinihiya sa pamamagitan ng panghuhubo

sa kanya at pagpapalabas mula sa kuwarto hanggang magmakaawa siya kay Wen Fu. May mga gabi namang uutusan niya si Winnie na lumuhod at magmakaawa sa kanya para magtalik sila kahit na ito'y labag sa kalooban niya. Minsan nga sa harap ng maraming bisita at mga kaibigan, pinagsasampal niya si Winnie at inutusang humingi ng tawad sa kanya dahil sa sumabat ito sa biruan ng grupo nila.

Nang maaksidente siya dahil sa paggamit ng sasakyan ng Air Force na walang pahintulot, isang malaking kahihyan ang ibinigay niya kay Winnie sa ospital. Pinagsisigawan at pinagsusuntok niya ang mga doktor at nars sa ospital. Naroon namang bastusin niya ang mga nars sa pamamagitan ng paghawak ng kanilang suso. Sa ospital mismo ay gusto niyang makipagtalik kay Winnie ngunit nang tumanggi ito, sinaktan siya nito at ipinagsigawan sa buong ospital na siya ay isang babaeng mababa ang lipad at may kinakasamang lalaki. Ilang beses na tinangka ni Winnie na kumalas na sa kanilang pagsasama ngunit tinatakot siya ni Wen Fu. Ang lahat ng ito'y tiniis pa rin ni Winnie.

Nagkaroon siya ng tatlong anak kay Wen Fu ngunit silang lahat ay nawala. Ang una ay ipinanganak na patay na. Marahil dahil sa mga karanasan nila ni Helen sa katatakbo sa panahon ng pag-atake ng mga Hapones. Marahil din sa pananakit at paggamit sa kanya ni Wen Fu sa kaselanan ng kanyang pagbubuntis. Marahil din, noong minsang pinasakay siya ni Wen Fu sa kabibili nitong kotse na galing sa pera ni Winnie sa bangko ay pinatakbo ito ni Wen Fu nang buong bilis nang kalahati pa lang ng katawan niya ang nakaupo. Ang pangalawa namang anak ay namatay dahil sa sakit at sa kapabayaang na rin ni Wen Fu. Ang bata na sige ang kaiiyak sa kanyang kuna ay pinagsasampal ni Wen Fu hanggang sa mangitim na ito sa sobrang sakit. Nang minsang manghina ang bata dahil sa walang tigil na pagtatae at dalhin ito ni Winnie sa madyungan para ipakita kay Wen Fu ang kalagayan ng bata, sinabihan pa siyang umaarte lamang ito. Nang mamatay ang bata, sinisi siya ni Wen Fu at sinigawan siya sa harap ng maraming tao. Ang pangatlo naman ay namatay noong magkaroon ng epidemik pagkatapos ng digmaan nang ang bata ay itinakas ni Winnie kay Wen Fu.

Nang matapos ang digmaan, nang umuwi na si Winnie sa kanila, naabutan niya ang ama na paralisado na. Halos mata na lamang nila ang nag-uusap. Sa pagkakataong ito umandar na naman ang kademonyuhan ni Wen Fu. Dinala niya ang lahat ng miyembro ng pamilya niya sa marangyang tahanan ng ama ni Winnie. Isa-isang naglaho ang lahat sa tahananang iyon. Ang mga kagamitan nilang ilang henerasyon na ang gumamit ay ibinenta lahat ni Wen Fu at ginamit sa babae, pagsusugal at inom. Ang mga katulong na tumanda na sa pagsisilbi sa kanilang pamilya ay nagsilayasan isa-isa dahil sa masamang ugali ni Wen Fu at ng kanyang ina. Walang natira kay Winnie maliban sa pera niyang natira sa bangko at sa ilang pirasong gintong sekretong ibinigay sa kanya ng kanyang ama. Sa tahananang iyon ng kanyang ama, maraming beses niyang inabuso si Winnie. Dinalhan pa ng mga babae

niya ang tahanan nina Winnie. May mga pagkakataong samantalang nagtatalik sila ng babae niya ay kailangang panoorin ito ni Winnie at kung hindi ay mapapahiya siya sa mga kalapit kuwarto nila. Sa tahanan ding ito nabuntis ni Wen Fu ang kanilang labintatlong taong gulang na katulong na naging dahilan ng pagpapakamatay nito. Nang pamukhaan siya ni Winnie sa nangyari, si Winnie pa ang sinaktan.

Minsan naman nang manganak si Winnie sa pangatlo nilang anak ay tiniis niyang mag-isa siya sa ospital dahil sa ayaw niyang mapahiya na naman sa mga taga-ospital. Nang umuwi siya, nadatnan niya sa kanilang sariling kuwartong mag-asawa ang isang babae na suot pa ang kanyang damit pantulog. Hindi na nagtanong pa si Winnie at para maitago rin sa mga kapitkuwarto ang totoo, sinabi na lamang niya na isang kamag-anak ito. Isang mananayaw sa bar ang babae. Naglayas din ito dahil sa hindi makatiis sa ugali ni Wen Fu.

Ang lahat ng nangyari sa buhay ni Winnie ay hindi lingid sa kaalaman ni Helen at Auntie Du. Si Helen ang pinakamatalik na kaibigan ni Winnie na ipinakilala niyang asawa ng kanyang kapatid ngunit ang katotohanan si Helen ay napangasawa ng isang piloto na mas mataas ang posisyon kaysa kay Wen Fu. Pinakasalan siya ng pilotong si Jiaguo dahil sa ang kapatid ni Helen na unang asawa ni Jiaguo ay namatay sa panganganak. Naging malapit sina Helen at Winnie sa isa't isa. May mga inggitan, reklamo at hindi pagkakaunawaan kung minsan ang dalawa, ngunit ang nangingibabaw ay ang pagtutulungan nila sa panahon ng kagipitan.

Nagbago ang buhay ni Winnie nang makilala niya si Jimmy Louie. Isang Chinese-American na tunay na nagmahal kay Winnie. Sa kanya nakita ni Winnie ang kalayaan sa kamay ng walang-pusong si Wen Fu. Ang akala ni Winnie, siya'y makakatakas na sa kamay ni Wen Fu, ngunit siya'y dinakip at pinagbintangan ni Wen Fu na may kalaguyong Amerikano at dahil sa kapabayaang nito namatay ang kanilang anak. Ito ang pangatlong anak nila na namatay dahil sa epidemik pagkatapos ng digmaan habang itinatakas siya ni Auntie Du mula sa kamay ni Wen Fu. Sa epidemik ding ito namatay ang mabait na asawa ni Helen na si Jiagou.

Pagkatapos nang mahigit sa isang taon na pagkabilanggo, nakalaya si Winnie sa tulong ng bagong asawa ni Helen at ni Auntie Du. Nang makalabas na ng bilanguan kailangang makaalis na ng Tsina si Winnie dahil sa naghihintay sa kanya si Jimmy sa America. May pera pa rin si Winnie dahil sa may natira pa siyang pera sa bangko na bigay sa kanya ng kanyang ama. Gumawa si Winnie, Helen at Auntie Du ng paraan para mapilitan si Wen Fu na pumirma ng **divorce paper**. Nagpadala sila ng telegrama kay Wen Fu na may mamahaling gamit na padala sa mag-asawang Wen Fu at Winnie. Nang matanggap naman ni Wen Fu ang telegrama, dali-dali siyang tumungo sa post office. Nagtatago noon sina Winnie, Auntie Du at Helen sa loob ng post office. Dahil sa kaibigan nila ang tagapagdala ng telegrama at tagapagbigay ng mga gamit, napakiusapan nila ito sa kanilang plano. Nakita nina Winnie ang kasibaan ni Wen Fu nang sabik na sabik nitong makuha ang mga gamit.

Ngunit nabigo siya dahil maibibigay lamang ang gamit sa kanya at sa tunay niyang asawa. Ipinakilala noon ni Wen Fu ang kasama niyang babae na bago niyang asawa. Ngunit tinanong siya kung may **divorce paper** siya. Nang walang maipakita si Wen Fu, lumitaw sina Winnie at ang inihandang **divorce paper** ay pinapirmahan kay Wen Fu. Walang nagawa si Wen Fu at pumirma sa harapan ng maraming saksi dahil sa kasabikang makuha ang akala niyang mamahaling gamit. Ngunit laking gulat niya na ang laman ng natanggap niya ay mga papel lamang pala.

Nang araw na iyon bago umalis papuntang Amerika si Winnie, pinasok ni Wen Fu ang kanyang tinutuluyang kuwarto. Sa pamamagitan ng pagtutok sa kanya ng baril, ginahasang muli ni Wen Fu si Winnie. Pinunit niya ang **divorce paper** na pinirmahan niya at samantalang tinututukan si Winnie ng baril pinasasabi sa kanya na magmakaawang huwag siyang idiborsyo ni Wen Fu at hihingi pa ito ng paumanhin sa kanya na siya namang ginawa ni Winnie dahil sa sobrang takot sa kanya. Ngunit nang magkamali si Wen Fu na iwanan ang baril niya sa mesa naagaw ito ni Winnie. Sinigawan niyang maghubo at pinagbabaril niya itong kumakaripas ng takbo. Ang lahat nang ito'y nakita ni Helen. Tawanan silang magkaibigan. Lumipad patungong Amerika si Winnie at nagtagpo sila ng naghihintay na si Jimmy. Hindi umabot sa siyam na buwan nang ipinanganak niya ang isang napakagandang babaeng sanggol at pinangalanan niyang **Pearl**.

Pagkatapos ng pagtatapat na ito ni Winnie, si Pearl na mismo ang nagbigay ng daan para masabi ng kanyang ina kung sino ang kanyang tunay na ama. Ipinagtapat ni Winnie at tinanggap ni Pearl ang katotohanan na ang kanyang tunay na ama ay walang iba kundi si Wen Fu. Ngunit, sinabi ni Winnie na si Pearl ay ibang-iba at hindi niya taglay sa kanyang dugo ang kasamaan ni Wen Fu. Noon lamang naintindihan ni Pearl ang kanyang ina. Siya'y maligayang-maligaya rin dahil sa pagmamahal na nadama niya sa itinuring niyang amang si Jimmy. Ipinagtapat ni Pearl sa kanyang ina ang kanyang sakit na **multiple sclerosis**. Wala nang lihim na itinatago ang bawat isa. Ngunit, sa katapusan ng nobela, may bagong lihim na naman. Sinabi ni Winnie kay Pearl na sila'y may pupuntahan ni Helen para doon kumuha ng gamot para sa sakit ni Helen. Ngunit, ipinagtapat naman ni Helen kay Pearl na siya'y walang sakit. Pumunta si Winnie sa lugar na pagkukunan nila ng gamot hindi para kay Helen kundi para kay Pearl. Huwag daw sabihin kay Pearl. Sinabi naman ni Helen kay Pearl na huwag sabihin sa kanyang ina na alam niya ang totoo sa pag-alis nila. Magkunwari daw itong hindi niya alam. Sinabi ni Helen kay Pearl na ganoon siya kamahal ng kanyang ina. Sa katapusan, nagkaroon na ng magandang pagsasamahan ang mag-inang Winnie at Pearl.

Hambingang Pagsusuri

Ang dalawang nobela ay kapuwa gumamit ng **flashback technique** o pagbabalik-gunita sa mga nakaraang pangyayari sa buhay ng mga pangunahing tauhan- ang nakaraan ni Rukmani sa **Nectar in a Sieve** at ang nakaraan naman ni Winnie sa **The Kitchen God's Wife**.

*Ang Elemento ng Buhay**1. Ang Pananaw ng Kabataan sa Buhay*

Ang kabataan ay puno ng pakikipagsapalaran, eksplorasyon at katuwaan. Ang tanging iniisip nila ay maganda ang buhay, masaya, at puro na lang kasayahan. Ang hinahanap nila ay ang mga kaibigang kasama-sama nila sa pakikipagsapalaran sa sariling kasiyahan. Ang gusto nila ay kalayaan para lalong makamit ang makapagpapaligaya sa kanila. Sa mga kabataan, kung ano ang ayaw ng mga magulang ang siyang nais nilang gawin. Makulay ang daigdig ng mga kabataan. Sila'y puno ng mga pangarap na sa akala nila ay kanilang makakamtan ayon sa kanilang inaasahan. Dahil sa sila'y mapupusok, ang buhay para sa kanila ay pagpapaubaya na lamang sa tadhana. Wala silang pakialam kung ano ang resulta ng bawat gagawin nila. Hindi nila naiisip na ang kahiwagaan ng buhay ay dapat na mahanapan ng kasagutan.

Sa nobelang **Nectar in a Sieve** ni Kamala Markandaya, ang pangunahing tauhang si Rukmani ay ikinasal sa edad na labindalawang taon sa mga panahon ng pakikipaglaro at pakikipagsaya kasama sana ang kanyang mga kapwa bata. Siya ay napasubo sa maagang pakikibaka sa buhay may-asawa. Bilang kasapi ng mga kabataan sa kanyang panahon, siya ay nananaginip ng isang engrandeng kasal at mayamang asawa sa panahon ng kanyang pag-aasawa. Subalit, dahil sa tulak ng pagkakataon, sa paghahanap ng mapapangasawa niya, ang nakita ay isang magsasaka na walang sariling lupa. Sa napakabatang edad, naranasan niya ang makisama sa lalaki bilang asawa hindi pa man nakakasal dahil sa ito ay bahagi ng seremonyang Hindu. Bakit kailangan ni Rukmani ang malungkot at maulila sa piling ng mga mahal niya sa buhay? Ang dahilan ay kailangang sumama siya sa kanyang asawa para harapin ang bagong buhay niya bilang may asawa. Ito ang masakit na naranasan ni Rukmani sa panahon ng kanyang kabataan sa larangan ng pag-aasawa —

. . . And when the religious ceremonies had been completed, we left, my husband and I. How well I remember the day, and the sudden sickness that overcame me when the moment of departure came.

Kagustuhan ba ni Rukmani ang maagang paghiwalay niya sa mga mahal niya sa buhay? Ito ay tulak ng uri ng lipunan kung saan siya lumaki. Ito ang patakarang kinagisnan niya at natuto siya sa buhay dahil sa pag-aasawang ito. Dahil sa murang isip niya, naramdaman niyang sa kabila ng pangungulila sa mga mahal niya sa buhay may iba palang uri ng pagmamahal na noon lang niya naramdaman. Ito ang pagmamahal sa kanya ng kanyang asawa. Dahil sa pagmamahal na ipinadama ng bana, sinuklian din niya ito ng pagmamahal kaya masasabing natuto rin siyang magmahal.

Sa panahon ng kabataan ni Rukmani sa kanyang buhay may-asawa kailangan niyang matutong magtrabaho para sa kanyang pamilya- **“Kali and Janaki had to show me how to milk the goat, how to plant seed, how to church butter from milk, and how to hull rice.”**

Sa kanyang pagbubuntis, dahil sa bata pa, hindi niya alam ang mag-ingat sa sarili. Kailangan pa siyang pangaralan ng kanyang asawa at mga kaibigang may-asawa na rin. Sa kanila natuto si Rukmani ng buhay may-asawa sa panahong hindi pa sana siya handa.

Si Irawaddy naman ay isa sa mga kabataan na napunta sa masamang pagkakakitaan ng pera. Ito’y dahil sa matinding pangangailangan para mabuhay at para mailigtas ang kanyang kapatid sa kamatayan. Kung naging masama man si Ira, ito’y dahil sa tulak ng kanyang kapaligiran. Sa pag-unlad ng kanilang nayon, ang kapalit ay ang paghihirap lalo na ng mga tao. Isa na si Ira sa mga naging biktima nito. Matapang si Ira kung tutuusin. Binalewala niya ang sasabihin ng tao para lang makatulong sa kanyang pamilya. Kahit na sa kasalukuyang panahon sa ilang bahagi ng Indiya, maraming mga kabataan ang nalulong sa prostitusyon dahil sa sobrang kahirapan. Ipinakita sa CNN na ang gobyerno nila mismo ang namumudmod ng mga proteksiyon na gamit para maiwasan ang sakit o para hindi mabuntis. Sa halip na matulungan ang mg kabataang ito para mailayo sa kasamaan, sila’y mas lalong nalulong dahil ang lipunan at ang kanilang kapaligiran ang nagtutulak para magpakasama.

Sa nobelang **The Kitchen God’s Wife**, ang pangunahing tauhang si Winnie ay maaga ring nakaranas ng matinding pangungulila sa pagmamahal ng ina at ama. Ano ang naging kasalanan ng anim na taong gulang na bata para magdusa nang ganoon kalungkot? Iniwan siya ng kanyang ina at ipinadala ng ama sa piling ng kanyang mga kamag-anak na hindi naman niya masyadong kakilala. Naging napakalungkot at napakahirap ng kanyang buhay, hindi sa materyal na mga bagay

kundi sa pagmamahal ng sariling magulang. Sa piling ng bago niyang pamilya, ito ang sinabi niya,

I never felt I belonged to that family. Yet they were the only family I knew. They were not mean to me, not really. But I knew they did not love me the way they did with Peanut and my boy cousins.

Naranasan ni Winnie ang mga trabaho sa bahay kahit na siya'y isang anak mayaman din. Dahil sa siya'y nasa piling ng kanyang tiyo, kailangan niyang sumunod sa mga utos ng kanyang tiya. Hindi siya katulad ng ibang kabataan na malayang nakaaalis ng bahay at nakapamamasyal sa kahit saang gusto nila puntahan. Ngunit para kay Winnie, marami siyang natutuhan sa mga trabahong ito-

You see how eager I was to learn? When I was young, I already knew everything must look good, taste good, mean good things. That way lasts longer, satisfies your appetite, also satisfies your memory for a long, long time.

Dahil sa kulturang kinabibilangan ni Winnie, sa edad na labingwalo ay ipinagkasundo na rin siyang mag-asawa sa lalaking kasintahan ng kanyang pinsang si Peanut. Tulak ng damdamin ng kabataan, nagustuhan niya si Wen Fu na kanyang mapapangasawa. Para sa kanya, para siyang nanalo ng unang gantimpala sa isang malaking papremyo- **"If you ask me how I felt when they told me I would marry Wen Fu, I can say only this. It was like being told I had won a big prize."**

Nagustuhan din niya ang marangyang paghahanda sa kanyang kasal. Sa katunayan, noon lang niya naramdaman na masayang-masaya siya ng mga araw na malaya siyang namimili ng kahit anong gusto niya para sa kanyang pag-aasawa na hindi alintana ang magiging kapalaran niya-

On the seventh day of my dowry shopping, how lucky am I. I had nothing but good thoughts in my head. I was sure that my life had changed, was getting better every moment, that my happiness would never stop.

Ngunit kabaligtaran sa inaakala ni Winnie ang nangyari. Ang pinangarap niyang kaligayahan sa buhay may-asawa ay naging buhay sa impyerno sa piling ng

isang masahol pa sa demonyo. Siya ba ang pumili? Kasalanan ba niya ang naging kapalaran niya sa piling ni Wen Fu? Ito si Winnie. Bilang isa sa mga kabataan, siya ay puno ng mga pangarap ngunit naging mailap sa kanya ang masayang buhay na kanyang inasahan.

Si Peanut naman ang isang halimbawa ng tipikal na kabataan. Siya ay mapusok at walang takot sa pakikipagsapalaran. Wala siyang takot sa pakikipagtagpo kay Wen Fu kahit na ang gawaing ito ay bawal sa kanilang kultura. Tinikman niya ang buhay ng mga kabataan na patagong sinubukan ang pisikal na kasiyahang kasabikan sa isang lalaki. Ngunit hindi niya naging asawa si Wen Fu. Galit na galit siya sa desisyon ng kanyang mga magulang nang mapakasal si Wen Fu kay Winnie. Ngunit, mabilis ding nagbago ang kanyang damdamin dahil nakipagkuwentuhan pa kay Winnie ng tungkol sa seks na siya namang ipinagtaka ni Winnie. Talagang bata pa nga si Peanut. Tunay na mapusok.

Masaya rin siya sa pagpapahula na pinaniniwalaan niya. Ang mga hulang ito ang naging dahilan para ang buhay niya ay lalong mapuno ng pakikipagsapalaran. Ang pakikipagsapalaran ding ito ang naging dahilan para sumali siya sa mga kabataang komunista. Masasabi bang suwerte ni Peanut na hindi sila nagkatuluyan si Wen Fu? Maaari kayang naiwasan niya ang maging kasapi ng mga komunista kung sila nga ang nagkatuluyan? Si Peanut ay biktima rin ng lipunan at ng kanyang kapaligiran.

Si Rukmani ay mahirap. Ang batang puso niya ay nagsasabing masaya siya sa bagong buhay niya. Si Winnie naman, na isang mayaman ay ito rin ang nararamdaman. Masaya siya dahil malaya na siya sa piling ng mga kamag-anak niya at higit sa lahat masaya siya dahil napangasawa niya si Wen Fu na lihim niyang hinangaan. Dito masasabi natin na ang buhay ay tunay na mahiwaga. Ang bukas ay hindi natin piho. Walang pinipili ang suwerte ng isang tao sa buhay, mayaman ka man o mahirap. Nakasalalay pa rin sa kanyang tahanan, kapaligiran at lipunan ang kanyang kapalaran.

2. *Ang Buhay sa Katanghalian (middle age)*

Sa mga panahong ito sa buhay ng isang babae, ang pokus ng kanyang mga pagsisikap ay ang kanyang pamilya. Wala na siyang ibang pangarap pa sa buhay kundi ang maging maligaya sa piling ng kanyang mga mahal sa buhay. Ang nasa isip niya ay ang ngayon para lang sa kapakanan ng pamilya. Sa pagpasya para sa ikabubuti niya ay pinapangarap niyang tama ang lahat at walang kabiguang mangyayari. Kaya lang, hindi lang siya ang may hawak ng kanyang buhay. Kung siya'y mabigo man, natututo siya sa mga pagkakamali niya. Kung magkamali man siyang muli, bumabangon pa rin para harapin ang buhay na walang humpay sa pag-

inog. Siya ay babaing matatag at handang makibaka sa masalimuot na takbo ng buhay.

Si Rukmani sa katanghalian ng kanyang buhay ay napasabak sa kahirapan. Isa sa nagpapahirap sa kanila ay ang sunud-sunod na kamalasan na dala ng kalikasan na sumira sa kanilang pananim. Dala rin ng kaunlaran ng kanilang nayon ay ang pagtatayo ng isang tannery na naging dahilan para lalo silang maghirap na mag-anak. Sa sunud-sunod na bilang ng kanyang anak, maraming bunganga ang pakakainin nilang mag-asawa. Natuto si Rukmani na magtanim ng gulay para may ibenta siya at nang may makain ang kanyang mga anak. Natuto rin siyang humarap sa mga kaibigan para humingi ng tulong. Tumungo siya sa tinitirahan ni Kenny sa kabila ng maraming mata na nagbantay sa kanila dahil sa pagdududa sa kanilang relasyon-

We have had our troubles. I stopped, not knowing how to finish. He would have helped us in our needs with food and money and skill, yet it was something more than this that he offered us, and I could not find words for it.

Kahanga-hanga ang pagsusumikap ni Rukmani para lang mabuhay. Ginawa niya ang lahat para may makain sila.

Matatag din si Rukmani sa mga pagsubok na dumating sa kanyang buhay. Maliban sa gutom na naranasan ng kanyang pamilya, nariyan ang pagkamatay ng kanyang anak na lalaki. Paano ito nakaya ni Rukmani?

Thus my thoughts, dazed and confused, injecting pain where there was numbness; and my mind, furtively touching the edges of realization, then fleeing from it in terror.

Ganito naman ang sinabi ni Rukmani sa harapan ng bangkay ni Raja-

For this I have given you birth, my son, that you should lie in the end at my feet with ashes in your face and coldness in your limbs and yourself departed without trace, leaving this huddle of bones and flesh without meaning.

Ito'y hinagpis ng isang ina sa di-makatarungang pagkamatay ng kanyang anak.

Ang pangalawang pagsubok na dumating sa buhay ni Rukmani ay ang pagkamatay ng bunso niyang anak, si Kuti—

Our last child conceived in hapiness at a time when the river of our lives run gently, had been taken from us: I knew too well what he (Nathan) felt. Yet, although I grieved, it was not for my son: for my heart I could not have wished it otherwise. The strife had lasted too long and had been too painful for me to call him back to continue it.

Hindi kagustuhan ni Rukmani ang pagkamatay ni Kuti. Hindi rin nila kasalanan kung ang dahilan ng kanyang pagkamatay ay dahil sa matinding gutom. Ginawa nila ang lahat ngunit mailap sa kanila ang kaginhawahan sa buhay.

Ang isa pang masaklap na nangyari ay nang matuklasan niya na ang kanyang anak na si Ira ay nagbebenta ng sariling laman. Alam ni Rukmani ang dahilan ngunit hindi niya matanggap ito sa simula. Ngunit may sariling paninindigan si Ira. Wala silang nagawang mag-asawa-

Well we let her go. We had tried everything in our power, there was nothing more we could do. She was no longer a child, to be cowed or forced into submission, but a grown woman with a definite purpose and an invincible determination. We had for so long accepted her obedience to our will that when it ceased to be given naturally, it came as a considerable shock; yet there was no option but to accept the change, strange and bewildering as it was, for obedience cannot be distorted. It was as simple as that; we forbade, she insisted, we lost.

Walang makasisi kay Ira sa kanyang ginawa. Kung nanatili siyang nasa bahay lang, patuloy ang kanyang paghihirap sa panonood sa may sakit niyang kapatid. Patuloy niyang makikita ang hinay-hinay na pagkamatay nito. Kahit na nawala rin si Kuti, masasabi naman niya sa kanyang sarili na ginawa niya ang lahat para lamang mabuhay ito. Ang naging kalagayan ni Kuti ang nagtulak kay Irawaddy para pasukin ang prostitusyon.

Sa panahon din ng kataighalian ng buhay ni Rukmani, naranasan niyang masaktan nang matuklasan niya ang katotohanang hindi lang pala siya ang babae sa buhay ng kanyang asawa. Ang lahat ng anak ni Kunthi ay mga anak din ni Nathan. Walang kasinsakit na katotohanan. Subalit, matatag si Rukmani. Nanatili siyang lumalaban sa anumang dagok ng buhay na dumating sa kanya. Wala siyang tigil sa

pakikibaka sa kabila ng pagmamaniplula sa kanya ng kanyang kapaligiran. Kahanga-hanga ang positibong pananaw ni Rukmani sa buhay.

Si Winnie naman ay matatag din sa kabila ng mga naranasan niya sa piling ng kanyang asawa. Kung si Rukmani ay may asawang mapagmahal, si Winnie naman ay may asawang ni kaunting pagmamahal ay walang nakaukit sa puso para sa kanya. Inayawan niya si Lin noon na maging asawa. Pinili niya si Wen Fu. Ngunit sino ang nagtulak sa kanya para ayawan si Lin? Di ba ang kanyang Old Aunt at iba pang miyembro ng pamilya? Sino rin ang nagtulak kay Winnie para pakasalan si Wen Fu? Di ba ang kanyang pamilya rin?

Sa katanghalian ng buhay, nasubukan ang katatagan ni Winnie. Patuloy ang kanyang pagtitiis sa mga pahirap na pinalalapas sa kanya ng asawa. Patuloy siyang nakisama rito. Dito nakita ni Winnie na ang inaakala niyang kaligayahang hindi na magtatapos ay biglang natapos. Si Wen Fu ay isang demonyo. Sa kanilang pribadong buhay bilang mag-asawa, inutusan niya si Winnie na gumawa ng mga bagay na tanging mga prostityut lang ang maaaring gumawa. Inutusan siya nitong gawin ang mga bagay nang labag sa kanyang kagustuhan kung kayat sa tuwina'y nauuwi sa marahas na hakbang —

And hearing this once again, I started to collapse to the floor. But before I could do so, he pulled me back up, dragged me toward the door like a bag of rice. He opened the door, then pushed me outside into the corridor of the monastery, where anyone passing by could have seen me, naked like that.

May magagawa ba si Winnie? Ang tanging paraan para maiwasan ang kahihiyang ay sundin ang gusto ng kanyang asawa. Ginawa niya kahit na tumututol ang kanyang isip at damdamin. Naging mumurahin siyang babae sa mga oras na iyon. Idagdag pa ang makahayop na gawaing ito —

Sometimes he made me take off my clothes, get on my hands and knees, then act as if I were begging him for a good "stuck together" time, so desperate I would do anything for this favor. And he would pretend to refuse, saying that he was tired, or that I was not pretty enough, or that I had been a bad wife that day. I had to beg, my teeth chattering, until I truly was begging so I could get off the cold floor. Other nights he made me stand in the room naked, shivering in the night chill, and when he named a body part, I was supposed to say the same coarse

word, then put my fingers there, touch myself-here, there, everywhere- while he watched and laughed.

Sa anumang pinagsasasabi ni Wen Fu laban sa kanya, sa anumang pagmumura o panlalait sa pagkababae niya ay wala siyang magawa. Ang galit ay hindi niya maipalabas kahit anong sakit pa ang kanyang maramdaman. Siya ay nasa Tsina. At bilang babaing Tsina, wala siyang karapatang magreklamo, tumutol. Isa siyang asawang dapat na magtiis, magpakamartir at magsunud-sunuran sa asawa. Dapat na pasayahin niya ang asawa kahit na sa tingin niya'y nawawalan na siya ng dignidad bilang tao. At alam niya, marami pa siyang pasakit na daranasin sa piling nito.

Minsang naaksidente si Wen Fu dahil sa paggamit niya ng sasakyan ng Air Force nang walang permiso ay naospital ito. Sa ospital mismo, naranasan ni Winnie ang napakalaking kahihiyang nakasisira sa dignidad ng sinuman nang magwala ito.

But then his strength came back, and he became very angry and wild. He threw his food at the nurses and called them whores of the devil. He accused the doctors of being so stupid they should not even work on the dog. He threw a bedpan at the doctor who saved his life. He would not take his medicine, and when four nurses tried to hold him down to force him, all the strength they didn't know he had flew through his arm and he punched one of the nurses and knocked her teeth loose.

One night, he reached out and grabbed a nurse's breast. The next night they assigned an old woman nurse. He grabbed her breast too, didn't matter. Everyday I had to listen to him beg me to climb into bed with him. He beg me to take off my clothes. And when I would not do any of these things, he cursed me at the top of his voice. He accused me of sleeping with other pilots. He said this loud enough for everyone in the hallway to hear.

Dahil sa pangyayaring ito, inisip ni Winnie na sana ay mabilanggo na si Wen Fu nang sa ganoo'y maging malaya na siya. Ngunit dahil na rin sa tulong ni Helen na matalik niyang kaibigan, hindi nabilanggo si Wen Fu. Sa pangyayaring iyon, masasabi bang nakatulong si Helen kay Winnie o kay Wen Fu?

Ilan ba ang anak ni Winnie kay Wen Fu na namatay? Ang una ay may diperensya kaya patay na nang isilang ni Winnie. Ang pangalawa ay namatay dahil sa kapabayaang ni Wen Fu. Ilang beses ba niyang pinagsasampal nang ubos lakas ang bata na nasa kuna nang ito'y nag-uumiyak sa sobrang pagsisigaw niya kay Winnie? Nang magkasakit ito, naniwala ba siyang dapat itong dalhin sa ospital? Mas pinahalagahan pa niya ang pagmamadyong kaysa sa bata. Ang pangatlo nilang anak ay namatay rin dahil sa nadamay ito sa epidemik nang itakas ang bata sa kalupitan ni Wen Fu. Tanging si Pearl ang nabuhay dahil sa noon ay wala na si Wen Fu sa buhay ni Winnie.

Dito napagtimbang-timbang ni Winnie na mali ang kanyang desisyon sa pagpili kay Wen Fu. Nagsisisi siya sa kanyang biglaang pagpapakasal kay Wen Fu dahil lang sa maganda itong lalaki-

How I was sorry I did not marry Lin. Because if I had, I would not have married the other man. I would have not become the kind of wife who prayed the Japanese would kill her husband.

Wala siyang magagawa. Kaya, kailangang harapin niya ang susunod na kabanata ng mga paghihirap niya sa piling ni Wen Fu na siya naman niyang ginawa. Kahanga-hanga rin ang mga pagtitiis ni Winnie sa kamay ng kanyang malahayop na asawa.

Si Rukmani ay hindi maganda kagaya ni Winnie. Si Rukmani ay hindi rin kasingganda ni Kunthi. Si Winnie naman ay napakaganda na napagkamalan pa ngang artista sa pelikula. Ngunit, si Rukmani ay tunay na minahal ng kanyang asawa. Samantalang si Winnie ay pinagkaitan ng pagmamahal. Dito masasabing, ang pagtingin ng isang tao sa kapuwa niya ay hindi pareho. Naging dahilan para ang buhay ay lalong naging makulay at masalimuot. Ang tao lamang ang nagbibigay kulay at nagpapagulo ng buhay.

3. *Ang buhay sakatandaan*

Tulad ng isang bulaklak na nagsisimulang malanta, ang tao ay unti-unti na ring nawawalan ng ganda at halos kamatayan na lamang ang hinihintay para makapagpahinga sa matagal na pakikibaka sa buhay. Ang tanging ginagawa ay ang magbalik-tanaw sa nakaraan. Minsan naging dahilan ito ng pagsilay ng mga ngiti sa kanilang mga labi at kung minsan naman pagkunot pa lalo ng kanilang kunot na noo kung maalala ang mga paghihirap sa buhay.

Si Rukmani sa kanyang katandaan ay dumanas pa rin ng paghihirap sa buhay. Ito ay ang pagkamatay ng kanyang asawa. Isang malungkot na alaala ang

pagkamatay ni Nathan. Naiwang nag-iisa si Rukmani sa pagbabalik niya sa kanilang nayon. Sa kanyang pag-iisa, isa-isa niyang naalala ang kanyang nakaraan. Kung gabi, naiisip niya na kasama pa rin niya si Nathan, na katabi niya at sila'y maligaya. Naiisip din niya si Raja at si Puli, ang mga anak niyang namatay. Naiisip niyang kasama niya sila at sila rin ay masaya. Wala na ngayong takot pa si Rukmani. Para sa kanya, ang tapos ay tapos na. Wala nang maaari pang balikan. Maligaya na siya sa kanyang katandaan.

Para naman kay Winnie, sa kanyang katandaan ay napag-isip-isip niya na wala nang lihim na dapat itago. Sa nalalabing mga araw niya sa daigdig, dapat malaman ng kanyang anak ang buong katotohanan na siya naman niyang ginawa. Isinalaysay niya kay Pearl ang kanyang nakaraan. Nanatili pa rin kay Winnie ang paniniwala sa mga diyos nila. Kaya, umaasa siya na makatutulong pa rin siya sa kanyang anak na may-sakit. Maligaya na rin si Winnie sa buhay ng kanyang katandaan. Naputol na rin ang matagal na hindi nila pagkakaunawaan ng kanyang anak.

Ang pagkamatay ni Wen Fu ay permanenteng kalayaan para kay Winnie. Ikinasiya ito ng kanyang puso. Ikinainis din dahil sa namatay si Wen Fu sa araw ng Pasko. Ang araw na naaalala din niya si Wen Fu. Kaya, nasabi niya na talagang walang kasinsama ni Wen Fu dahil sa kanyang kamatayan, ang araw pa ng Pasko ang pinili niya para maalala siya ni Winnie.

Dapat sana'y wala na ang hinanakit ni Winnie kay Wen Fu. Dapat sana'y kapatawaran na ang ipagkaloob niya sa kanya dahil matanda na rin siya. Ngunit masisisi ba si Winnie sa kanyang nararamdaman?

Sa buhay ng tao, sa kanyang katandaan, isang mamahaling pamana niya sa kanyang mga anak ang mga magagandang bagay na nagawa niya para sa kanila. HIGIT sa pamanang materyal ang pamanang pagmamahal na kailanman ay hindi mawawala sa alaala ng mga anak.

Paglalahat

Sa nobelang *Nectar in a Sieve*, si Rukmani ay nag-asawa sa edad na labindalawa dahil ito ang hinihingi ng kanilang kultura at lipunan. Isang bahagi ng buhay niya na hindi niya nakontrol dahil sa siya ay bahagi ng lipunang ito. Napasabak siya sa hirap ng buhay may-asawa dahil na rin sa mga pangyayaring dala ng kanyang kapaligiran. Si Rukmani at ang kanyang pamilya ay biktima ng kapaligiran at pagbabago sa kapaligirang ito na dala ng pag-unlad sa kanilang liblib na nayon. Walang mataas na pangarap si Rukmani. Ang simpleng pangarap niya ay ang makakain sila ng asawa at mga anak niya ng tatlong beses sa loob ng isang araw. Ngunit nang dumating ang **tannery** sa kanilang nayon nagbago ang lahat sa buhay nila. Naging dahilan para maghikahos ang pamilya nila, pagkamatay ng kanyang

isang anak, pag-alis papuntang ibang lugar ng isa pa niyang anak, pagiging prostityut ng kaisa-isang anak na babae at pati na ang paglisan nilang mag-asawa sa kanilang nayon patungo sa siyudad na naging dahilan din ng pagkamatay ng kanyang asawa.

Ang lahat ng paghihirap na ito ay hindi kailanman ginusto ni Rukmani. Nagsumikap siya at maging ang mga mahal niya sa buhay. Ngunit, ang kapalaran at buhay ay hindi nila hawak. Marami ang mga pangyayari sa buhay ng isang tao ang nagaganap nang hindi ginusto. Kung ang buhay ay maaari nga lamang iprograma sa isang kompyuter na maaaring baguhin o burahin ang hindi magaganda, anong ganda sana ng buhay. Ngunit hindi hawak ng tao ang kanyang buhay.

Hindi lamang dahil sa ang lugar nina Rukmani ay walang kaunlaran kung kaya't nagdaranas ng mga kahirapan ang mga tao rito. Ang mismong kaunlaran ding narating ng kanilang lugar ang nagtulak sa kanila upang lalo pang magdusa. Ito ang sinasabi na walang masama sa kaunlaran kung hindi nakasisira sa tao. Ngunit, hindi mapasusubalian na ang dala ng kaunlaran ay kasiraan din sa maraming anggulo ng buhay ng isang tao.

Sa **The Kitchen God's Wife**, ang buhay ni Winnie ay hindi rin niya hawak. Nag-asawa siya sa edad na labingwalo dahil sa hinihingi din ng lipunang kanyang kinabibilangan. Bilang Intsik at pinakamatanda sa mga anak sa pamilya, siya dapat ang maunang mag-asawa. Kaya maaga rin siyang napasabak sa digmaan ng buhay may-asawa. Ginusto ba niyang maging asawa si Wen Fu? May papel ba siya sa pagiging masama nito? Ginusto ba niya na mamatay lahat ang anak niya? Sa marangyang buhay niya sa Tsina, ginusto ba niyang mamuhay maralita sa piling ng kanyang asawa sa ibang lugar na kung saan may digmaan? Kung tutuusin, dalawang digmaan ang kinabaka ni Winnie- ang tunay na digmaan laban sa mga Hapon at ang laban sa malupit niyang asawa.

Ipinakita ng mga pangunahing tauhang Rukmani at Winnie na kahit magkaiba ang kulturang kanilang kinabibilangan kailangan ang katatagan. Itinuturing man silang mahihinang nilalang sa kanilang lipunan ay hindi naman matatawaran ang determinasyon nila sa pakikipaglaban sa mga pwersang panlipunan na nagtutulak sa kanila sa kapariwaraan. Sa kabila ng mga pagsubok, napatunayan nilang wala sa kasarian ang pagiging mahina o malakas kundi nasa partikular na indibidwal.

Si Nathan sa **Nectar in a Sieve** bilang lalaki at asawa ni Rukmani ay naging mahina rin. Natukso siya sa ibang babae sa kabila ng kanilang paghihikahos sa buhay. Kahit na binanggit sa nobela ang pagiging responsable at mapagmahal niyang ama at asawa, nangingibabaw pa rin ang kanyang kahinaan. Kailangan pa niyang hintayin na si Rukmani mismo ang makaalam na ninanakawan sila ni Kunthi ng bigas bago niya ipinagtapat na may responsibilidad pala siya sa mga anak ni Kunthi dahil mga anak niya ang mga iyon. Hindi siya makatulog dahil takot siya sa susunod na bukas na wala silang makakaing mag-anak. Iba kaysa kay Rukmani na ang paniniwala niya sa susunod na araw na darating ay panay positibo, na may

sasaingin sila, na puwede siyang magbenta ng mga gamit para pambili ng makakain nila at ang pag-asa na malapit na ang anihan kaya kailangang magtiis lang muna.

Si Wen Fu sa **The Kitchen God's Wife** ay naging lubhang malupit, walang awa, bastos, sakim, manlililang, at marami pang hindi magandang ugali dahil ang pamilyang pinanggalingan niya ay kulang din sa magandang pag-uugali. Hindi tinutulan ng pamilya niya ang mga ugaling iyon dahil sa sila rin ay nakinabang sa magandang naidulot sa kanila ng mga kahayupan ni Wen Fu. Alam na alam nila ang ugali niya ngunit ni isa sa kanila ay walang naglakas-loob para baguhin ang ugaling ito. Maaaring dahil sa kultura nila na ang babae ay dapat lang yumuko sa kagustuhan ng asawa kaya hinayaan nilang magtiis at maghirap nang ganoon na lamang si Winnie sa mga kamay ni Wen Fu.

Maraming Wen Fu sa daigdig na karamihan ay dahil sa impluwensiya ng tahanan at kapaligiran. Sa pag-aakalang mas makapangyarihan ang lalaki sa babae, karaniwang walang halaga para sa kanila ang mga babae. Ang pamilya, kung ganoon ay isang institusyong panlipunan na may malaking impluwensiya sa bawat indibidwal. At idagdag pa rito ang kulturang kinamulatan ng bawat tao.

Si Kali sa **Nectar in a Sieve** ay isang tunay na kaibigan ni Rukmani. Kung ilalarawan siya ni Rukmani siya ay mataba, may malapad na balakang, at malulusog na dibdib. Ngunit hindi sa pisikal na kaanyuan nakikilala ang isang kaibigan. Si Kali ay karamay ni Rukmani sa mga problema niya sa buhay. Nang manganak si Rukmani, si Kali ang nagluluto, naglilinis ng bahay, at nagdidilig ng mga tanim niya kahit na may sarili siyang pamilyang aalagaan ng mga panahong iyon. Dahil sa bata pa si Rukmani, si Kali ang tagapayo niya sa mga dapat sa pag-aalagang gagawin niya para sa mga anak. Halimbawa, nang si Irawaddy ay nagpupumilit maglakad sa napakabatang edad, sinabi niya kay Rukmani na huwag pilitin ang bata na tumayo o maglakad dahil sa ang mga binti ay mahihina pa at maaaring mabaluktot ang mga ito na parang arko. Si Kali ay masasabing tapat at mapagmalasakit na kaibigan.

Si Helen naman sa **The Kitchen God's Wife** ang katapat ni Kali. Si Helen ang karamay ni Winnie sa lahat ng mga karanasan niya mula nang magkakilala sila nito sa Tsuming, sa iba pang lugar na kung saan nadeestino ang kani-kanilang asawang piloto at sa Amerika na kung saan na sila nanirahan. May mga kahinaan si Helen bilang tao dahil hindi siya maiwasto sa mga maling gawi na sa akala niya ay tama. Ngunit bilang kaibigan at kamag-anak sa turing ilang beses bang inilaan niya ang kanyang buhay para lang mailigtas si Winnie? Nang minsang nagtatakbuhan sila dahil sa pambobomba ng mga Hapon, noon ay malaki na ang tiyan ni Winnie. Pinagsusuntok niya ang umagaw sa kanilang sasakyang pedi kab at isinakay si Winnie para makauwi na silang ligtas mula sa iba pang mang-aagaw ng masasakyan. Itinago rin niya si Winnie at ang anak nito sa bahay para makatakas kay Wen Fu. Ngunit dahil sa sobrang takot siya rin ang nagdala say Wen Fu sa pinagtataguan nina Winnie at ng kanyang anak. Marami pang pagkakataon na tinulungan ni Helen si Winnie. May mga reklamo si Winnie sa ugali niya ngunit mapagmahal at

mapagmalasakit si Helen. Higit sa lahat, siya ang nagtulak kay Winnie para ipagtapat kay Pearl ang tungkol sa kanyang nakaraan.

Isa lang si Helen sa mga kaibigan sa tunay na buhay na handang magbuwis ng buhay para sa isang kaibigan.

Sa **Nectar in a Sieve**, si Kenny, ang boluntaryong doktor na isang British ang naging kalutasan ng problema ni Rukmani sa matagal na hindi pagkakaroon ng anak. Siya rin ang hiningan ng tulong ni Rukmani para sa kanyang anak na si Irawaddy nang hindi rin ito magkaanak. Maliban sa problemang ito, si Kenny ang hinihingan nila ng tulong sa mga emerhensiyang pangangailangan nila. Naging maluwag ang nararamdaman ni Rukmani kapag nasa nayon nila si Kenny. Maliban sa isang kaibigan lang ang banyagang ito, wala nang iba pang relasyon ang namamagitan sa kanila. Ngunit binigyan ng ibang kahulugan ng ibang kapitbahay na nakakikilala sa kanila. Isang eksena sa tunay na buhay na hindi mapigilan ng isang tao ang iniisip o sinasabi ng ibang tao tungkol sa kapuwa nila. Kung minsan, naapektuhan at nagbabago ng landasin ang kinaukulan ngunit may iba na hindi pinapansin ang ano mang panghuhusga ng lipunan. Ang mahalaga ay masaya siya at alam niya ang kanyang ginagawa.

Sa **The Kitchen God's Wife** ang banyaga rito ay ang napangasawa ni Winnie na si Jimmy Louie. Marahil, dala ng paghihirap sa naging kalagayan niya sa kanyang asawa, napabaling ang pagmamahal ni Winnie kay Jimmy. Maaaring sabihin na panakip-butang ni Winnie si Jimmy, ngunit sa nobela ipinakikita ang tunay na pagmamahal na namamagitan kina Winnie at Jimmy. Naranasan ni Winnie ang uri ng pagmamahal na hindi naibigay sa kanya ni Wen Fu. Maaaring pasalamat ng mga mambabasa si Jimmy dahil sa siya ang naging bayani at tagapagligtas ni Winnie. Maaaring sa pamilya ni Wen Fu ay kontrabida ang katauhan ni Jimmy, ngunit naiibang mang-aagaw ng asawa si Jimmy dahil siya ang dahilan para makaahon sa kahirapan ng buhay ang pangunahing tauhan.

Kagustuhan ba ng mga tauhang ito ang nangyari sa buhay nila? Itinadhana ba ng Maykapal o kasalanan ng lipunan?

Ang dalawang nobela ay hindi mabubuo nang makatotohanan kung ang may akda ay walang karanasan bilang bahagi ng kulturang binabanggit sa nobela. Mahusay ang pagtalakay ni Markandaya sa buhay at kultura ng isang Hindu dahil sa siya ay isa ring Hindu. Si Tan ay ganoon din. Mahusay at maganda ang pagkakalahad niya ng mga paniniwala at kulturang Intsik dahil siya rin ay isang Intsik. Ngunit, kahit pa sabihing sila ay may kaugnayan sa kulturang kanilang inilalahad, kakaiba pa rin ang talento nila sa pagsulat na siyang ikinaiiba nila sa iba pang manunulat.

Bakit pinamagatan ni Kamala Markandaya ang kanyang nobela na **Nectar in a Sieve**? Ayon sa **ABC Webster's School Dictionary**, ang nectar ay nangangahulugang, **a delicious drink; a sweet liquid secreted by plants that is the chief raw material of honey.** Ang simbolo ng nectar ay si Rukmani. Bago

nangyari sa kanyang buhay ang mga pagsubok, siya ay kasintamis ng isang nectar. Kasinghalaga rin siya nito dahil sa ang nectar ay paboritong pagkain ng mga bathala. Ngunit napiga ang lahat kay Rukmani. Lahat ng tamis niya, lahat ng kapangyarihan at lakas niya ay unti-unting nawawala sa kanya. Sinala ang lahat ng ito sa isang salaan. Ang salaan (sieve) ay ang mga pagsubok sa buhay. Ito ang mga pagdurusa at paghihirap ni Rukmani sa pakikipaglaban sa digmaan ng buhay na nangyayari sa kanyang lipunan.

Bakit pinamagatan naman ni Amy Tan na **The Kitchen God's Wife** ang kanyang nobela?

Ang mga Intsik ay naniniwala sa maraming diyos o bathala na siyang gabay nila sa pang-araw-araw na buhay nila. Mayroong Buddha, Goddess of Mercy, God of Money, God of War, lahat ng uri ng bathala ng suwerte. Isa sa naiwang pamana ni Auntie Du para kay Pearl ay ang altar kung saan nakalagay ang istatwa ng **The Kitchen God**.

Sa ikalawang kabanata ng nobela ni Amy Tan, isinalayasay ni Winnie sa kanyang anak na si Pearl, sa asawa nitong si Phil at sa kanyang mga apong sina Tessa at Cleo ang tungkol sa kuwento ng **The Kitchen God**. Ang **The Kitchen God** ay hindi mataas ang katungkulan bilang bathala. Mababa ang kanyang puwesto kung ihambing sa ibang bathala. Sa maikling pagkasalaysay, ang lalaki sa kuwento na si Zhang ay banang nagtaksil sa kanyang asawa. Ang masakit pa, dinala niya ang babae (Lady Li) niya sa bahay nila at itinaboy ang kanyang asawa. Ngunit nang maghirap na siya at minsang nangailangan ng tulong, siya'y nawalan ng malay sa isang kusina ng isang bahay. Wala siyang kamalay-malay na ang tumulong sa kanya ay ang kanyang asawa. Hiyang-hiya siya kaya lumundag siya sa apoy. Umiyak ang asawa niya habang nagnanais na mailigtas ang kanyang bana. Sa kabilang daigdig, dahil sa pagsisisi at pagtanggap ng kanyang kasalanan, ginawa siyang emperador na **The Kitchen God**. Siya ang tagabantay sa mga ugali ng mga tao kung sino ang dapat bigyan ng mabuting suwerte at kung sino ang hindi.

Hindi tinanggap nina Pearl ang istatwa ng **The Kitchen God** dahil sa hindi raw dapat maging bathala ang masamang bana kagaya niya. Kinuha ni Winnie ang istatwa at ipinadala ang altar sa kanyang mga apo.

Minsan sa kanyang pag-iisa ay naalaala niya ang kanyang mga paghihirap sa buhay kasama ni Wen Fu. Umiyak siya sa sobrang lungkot at galit. Nang makita niya ang larawan ng **The Kitchen God** na ngumingiti sa kabila ng kanyang paghihinagpis, kanya itong inihagis sa apoy- "**You go see Wen Fu! You go to hell down below.**" **I watched his smiling face being eaten up by the fire.**

Sa katapusang kabanata ng nobela naghanap si Winnie ng isang istatwa na wala pang pangalan. Ayon sa kanya tatawagin itong **Mrs. Kitchen God**. Hindi niya itong puwedeng tawaging **The Kitchen God's Wife** dahil hiwalay na siya sa kanyang asawa. Tatawagin siyang **Lady Sorrowfree, happiness winning over bitterness**. At kasabay ni Pearl nagsindi sila ng tatlong tangkay ng insenso.

Ang **Kitchen God's Wife** ay inihahambing kay Winnie. Ang kanyang karanasan ay naging katulad din ni Winnie. Nang baguhin ni Winnie ang kanyang pangalan bilang **Lady Sorrowfree**, ang kanyang sarili pa rin ang inihalintulad niya sa bagong istatwang ito. Wala na siyang kalungkutan. Malaya na siya sa mga pagdurusa sa buhay. Nanalo ang kaligayahan laban sa kapaitan ng buhay.

Konklusyon

Ang pagsasalaysay sa dalawang nobela ay makatotohanan na kung saan ang sinumang makababasa ay maaantig ang kalooban at maaaring maapektuhan ang pananaw sa buhay. Masasabi ng mga mambabasa na ang kuwento ng buhay nila ay dapat lang isalaysay. Ang patalinghagang pagpili ni Kamala Markandaya ng mga salita ang siyang lalong nagpaganda sa nobela. Ang makatotohanang pagsasalaysay ni Amy Tan, pati na ang masusing paglalarawang niya sa kulturang Tsina ang nagpaganda rin ng kanyang nobela.

Sa dalawang nobela, ipinakita ang malinaw na larawan ng buhay ng isang babae-- kahanga-hanga, hindi madaling makalimutan, at mahirap tularan. Mahusay ang madetalyeng paglalarawan ng mapagsupil na lipunang nagdidikta sa buhay ng mga pangunahing tauhan. Sa sosyolohikal na pananaw, pinatunayang ang buhay ng isang tao ay dinidiktahan ng maraming paktor na nakapaligid sa kanya, sa kapuwa niya tao, sa mga institusyong kinabibilangan ng pamilya, batas, kultura, lipunan, at marami pang iba.

BIBLIYOGRAPIYA

- Alcantara, Ruby G. 1989. **Nobela: Mga Buod at Pagsusuri**. Quezon City: Rex Printing Co. Inc.
- Brightfield, Myron F. 1968. **The Issue in Literary Criticism**. New York: Greenwood Press, Publishers.
- Fortunato, Teresita S., et al. 1989. **KAPPIL**. Philippine Normal College Language Study Center. Manila, Phil.
- Mabanglo, Ruth E., et al. 1973. **Panunuring Pampanitikan**. Quezon City: Alemar Phoenix Publishing House.

- Markandaya, Kamala. 1955. **Nectar in a Sieve**. New York: The John Day Company.
- Ramos, Victoria I. & Venancio M. 1994. **Kritisismo: Teorya at Paglalapat**. Quezon City: Rex Book Store.
- Reyes, Soledad S. 1992. **Kritisismo: Mga Teorya at Antolohiya Para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan**. Manila Philippines: Anvil Publishing, Inc.
- Santiago, Erlinda M., et al. 1989. **Panitikang Filipino Kasaysayan at Pag-unlad**. Manila Philippines: National Book Store, Inc.
- Tan, Amy. **The Kitchen God's Wife**. 1992. USA: Ivy Books/Ballantine Books.
- Webster, Merriam. 1980. **ABC Webster's School Dictionary**. USA: American Book Company.
- Yu, Rosario T. 1980. **Panitikan at Kritisismo**. Manila, Philippines: National Book Store.

